Compostable Plastics

SINGLE-USE & PLASTIC WASTE PREVENTION REGULATION

gov.bc.ca/reuse

Ano ang compostable plastics? Ang karamihan ng compostable plastics ay ginagawa sa pamamagitan ng pagproseso ng plant-based materials, tulad ng corn starch o sugar cane. Ang plastics na ito ay nangangailangan ng mga ispesipikong kondisyon para ma-break down. Sa B.C., sila'y kadalasang hindi maaaring i-compost o i-recycle, at napupunta sila sa ating mga landfill o kapaligiran.

Ano ang dapat mong malaman

Simula Disyembre 20, 2023, ang mga negosyo sa B.C. ay pinagbabawalang magbenta o mag-distribute ng single-use (disposable) utensils na naglalaman ng compostable plastic.

PINAGBABAWALAN SIMULA 2023

Simula Hulyo 15, 2024, kasama sa pinagbabawalang items ang compostable plastic items, tulad ng mga take-out na lalagyan at mga shopping bag.

PINAGBABAWALAN SIMULA HULYO 15, 2024

Ano ang dapat mong gawin

Simula Disyembre 20, 2023:

1. **Itigil ang paggamit ng plastic utensils**
   Huwag bigyan ang mga customer ng single-use plastic, kabilang na ang compostable plastic, kutsilyo, tinidor, at kutsara, chopsticks, stir sticks o splash plugs.

Simula Hulyo 15, 2024:

2. **Itigil ang paggamit ng plastic shopping bags**
   Huwag bigyan ang mga customer ng single-use plastic bags -- kabilang na ang compostable plastic bags -- sa checkout.

3. **Itigil ang paggamit ng plastic na lalagyan ng pagkain**
   Huwag i-pack ang pagkain o inumin na kakainin mo kaagad (kabilang na ang take-out o delivery) sa single-use compostable plastic na mga lalagyan o packaging.

Bakit ba pinagbabawal ang compostable plastics?

- Ang compostable plastics, kabilang na ang mga bagay na tinatawag na compostable plastic, ay hindi kasalukuyang pinahihintulutang i-compost sa B.C.
- Ang mga plastic na ito ay kadalasang hindi nabe-breakdown nang maayos at hindi nakakatulong para magkaroon ng mataas na kalidad ng compost na nakakatulong sa kalikasan.
- Kapag hinalo ang compostable plastics sa mga materyales para sa recycling, nililimit nito ang recycling ng ibang plastics.
- Sa B.C., ang mga plastic na ito ay regular na tinatanggal mula sa composting at recycling facilities at ipinapadala sa mga landfill.
- Hangga't hindi madaling naco-compost ang mga produktong ito sa composting facilities ng B.C., hinihikayat namin ang paggamit ng mga reusable na bagay.
- Kapag kinakailangan ang single-use plastics, mas mainam na gamitin ang plastics na madaling i-recycle tulad ng plastics na may label na PET#1, HDPE #2, LDPE #4, PP #5.
- Ang mga produktong ito ay maaaring isali sa darating na panahon kung sila'y dinisenyo at napatunayang madaling mag-break down sa kasalukuyang infrastructure ng B.C.
- Ang bin liners para sa compost ay magiging available pa rin.

Ang fact sheet na ito ay bahagi ng isang toolkit na ginawa para tulungan ang mga negosyo sa B.C. na sundin ang regulasyon.

Naghahanap ka ba ng mga opsyon para sa single-use plastics? Hanapin ang aming handy alternatives guide at fact sheets tungkol sa ibang mga pinagbabawal na bagay, at karagdagang tools na maaaring i-print – kabilang na ang mga poster at mga karatulang magagamit mo para bigyan ng impormasyon ang iyong staff at mga customer – sa **gov.bc.ca/reuse**.



Sa pamamagitan ng Single-Use and Plastic Waste Prevention Regulation, unti-unting itinitigil ng B.C. ang single-use plastic items na mahirap i-recycle, nang sa gayon ay mabawasan ang basura, maprotektahan ang ating kapaligiran, at makalikha ng isang mas malinis na kinabukasan para sa lahat ng mga taga-British Columbia.

BRITISH COLUMBIA | Ministry of Environment and Climate Change Strategy

Ang mga bagay na ito ay exempt sa ilalim ng regulasyon at sila'y maaari pa ring gamitin.

MGA HINDI KASAMA

Paper at plant-fibre food service ware (tulad ng mga take-out na lalagyan at mga tasa) na may lining ng compostable plastic

Compostable plastic film wrap na ginagamit para i-package ang pagkain na hindi kakainin kaagad, tulad ng hindi lutong karne at mga malalaking piraso ng keso

Ang ilang food service accessories, tulad ng cup lids (pero hindi kasali ang mga kubyertos)

Packaging na ginagamit para sa prineparang pagkain at inumin na ibebenta o idi-distribute sa labas ng B.C.